# *Bantay Yugto 18*
# *Ang Bantay Panatilihin ang Anyo*

***"40 At ingatan mo, na iyong gawin ayon sa anyo ng mga yaon na ipinakita sa iyo sa bundok."***
***(Exodo 25:40 KJV)***

Si Moises bilang banaty sa buhay ng mga Israelita ibinahagi niya sa kanila ang nais ng Dios na malaman at gawin nila. Initusan nila sila kung paanong panglingkurana ng Dios at paano gawin ang tabernakulo ng Dios sa paraang daapt gawin. Ang halaga ng ministeryo ng baany sa simbahan ay ituwid nag mga tao upang paglingkuran ang Dios ayon sa Salita ng Dios at sa Kanyang mga utos sa Bibliya. Ayon sa ***Hebreo 8:5*** binalaan si Moises upang itayo ang tabernakulo ayon sa anyo na ibinigay ng Dios sa kanya sa bundok, ***"5 Na nangaglilingkod sa anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan, gaya naman ni Moises na pinagsabihan ng Dios nang malapit ng gawin niya ang tabernakulo: sapagka't sinabi niya, Ingatan mo na iyong gawin ang lahat ng mga bagay ayon sa anyong ipinakita sa iyo sa bundok." (Hebreo 8:5 KJV)*** Si Esteban nang nangaral siya sa mga Judio sa ***Mga Gawa 7*** itinuro sa kanila ang parehong bagay, ***"44 Sumaating mga magulang sa ilang ang tabernakulo ng patotoo, ayon sa itinakda ng nagsalita kay Moises, na kaniyang gawin yaon alinsunod sa anyong kaniyang nakita." (Mga Gawa 7:44 KJV)*** Anumang ministeryo at panglilingkod sa simbahan ay nakabatay dapat sa paglalarawan at utos ng Salita ng Dios.

Ang kapareho nang inutusan ni David ang kanyang anak na si Solomin na maging hari pagkatapos niya at itao ang templo ng Dios; ibinigay niya ang anyo ng templo kasama ng lahat ng mga detalte at materyal na gagamitin ayon sa detalye na ibinigay ni David n amula sa Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu: ***"11 Nang magkagayo'y ibinigay ni David kay Salomon na kaniyang anak ang anyo ng portiko ng templo, at ng mga kabahayan niyaon, at ng mga ingatang-yaman niyaon, at ng mga mataas na silid niyaon, at ng mga pinakaloob na silid niyaon, at ng dakong luklukan ng awa: 12 ang anyo ng lahat na kaniyang naisip sa pamamagitan ng Espiritu tungkol sa mga looban ng bahay ng PANGINOON, at tungkol sa lahat ng silid sa palibot, tungkol sa mga ingatang-yaman ng bahay ng Dios, at tungkol sa mga ingatang-yaman ng mga natalagang bagay: 13 Tungkol din naman sa mga bahagi ng mga saserdote at ng mga Levita, at tungkol sa lahat na gawain sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON, at tungkol sa lahat na kasangkapan na ipinaglilingkod sa bahay ng PANGINOON. 14 Sa ginto na ang timbang na ukol sa mga kasangkapang ginto, sa lahat na kasangkapan ng sarisaring paglilingkod; sa pilak na ukol sa lahat ng kasangkapan na pilak ang timbang, sa lahat na kasangkapan ng sarisaring paglilingkod: 15 Na ang timbang din naman na ukol sa mga kandelero na ginto, at sa mga ilawan niyaon, na ginto: na ang timbang sa bawa't kandelero at sa mga ilawan niyaon: at sa mga kandelerong pilak, pilak na ang timbang sa bawa't kandelero, at sa mga ilawan niyaon, ayon sa kagamitan sa bawa't kandelero: 16 At ang ginto na ang timbang na ukol sa mga dulang ng tinapay na handog, na ukol sa bawa't dulang; at pilak na ukol sa mga dulang na pilak: 17 At ang mga panduro, at ang mga mangkok, at ang mga saro, na taganas na ginto: at sa mga gintong taza ay ang timbang sa bawa't taza; at sa mga pilak na taza ay ang timbang sa bawa't taza; 18 At sa dambana ng kamangyan ay gintong dalisay ayon sa timbang: at ginto sa anyo ng karo, sa makatuwid baga'y ang mga querubin na nakabuka ang mga pakpak at lumililim sa kaban ng tipan ng PANGINOON. 19 Lahat ng ito'y, sabi ni David, aking naalaman sa sulat na mula sa kamay ng PANGINOON, sa makatuwid baga'y lahat ng gawain sa anyong ito." (1 Cronica 28:11-19 KJV)*** Ang anumang ministeryo ay dapat sumunod sa pattern na ibinigay ng Espiritu Santo at dapat itong sumunod sa Salita ng Dios.

Ayon sa ***Hebreo 9:23*** ang mga ministerio at paglilingkod na gagawin natin para sa Panginoon at may makalangit na mga anyo, kaya't kinakailangan natin na sumunod at sundin, ***"23 Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan ay linisin ng mga ito; nguni't ang mga bagay ring ito sa sangkalangitan ay linisin ng lalong mabubuting handog kay sa rito." (Hebreo 9:23 KJV)*** Kaya't walang sinuman ang makakagawa ng kanyang sariling kagustuhan o makapipili ng ministeryo na nais niya. Mayroong isang anyo na dapat sundin ng lahat.

Marami ang sumusunod sa anyo ng mundo upang ipamuhay ang kanilang buhay at sa kanilang paglilingkod sa Dios. Sinulat ni Pablo sa mga taga-Roma ukol dito ang sumusunod: ***"2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:2 KJV)*** Hindi mo maaaring paglingkuran ang Dios habang ikaw ay nakatali pa sa mundo at sa mga kaibigan, kamag-anak, at tradisyon. Ang iyong isip at mga pag-iisip ay dapat baguhin sa pamamagitan ng Salita ng Dios upang ikaw ay mabago at makapaghandog ng mga bahagi ng iyong katawan upang paglingkuran ang Dios at tuparin ang isinulat ni Pablo. ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1 KJV)***

Inutusan ni Pablo si Timoteo na panatilihin ang paraan o ang anyo ng salitang magaling na itinuro niya sa kanya, ***"13 Ingatan mo ang mga ulirang mga salitang magagaling na narinig mo sa akin, sa pananampalataya at pagibig na nasa kay Cristo Jesus." (2 Timoteo 1:13 KJV)***

Itinuro ni Pablo kay Tito nang mas malinaw na ang kanyang pamumuhay at mga kilos sa buhay ay isang halimbawa para sa iba na matutunan at sundan, at ang kanyang banal na pamumuhay ay magiging kalasag upang protektahan siya mula sa mga nagnanais na siya ay akusahan. ***"7 Sa lahat ng mga bagay ay magpakilala kang ikaw ay isang uliran sa mabubuting gawa; at sa iyong aral ay ipakilala mo ang walang kamalian ang kahusayan, 8 Pangungusap na magaling, na di mahahatulan; upang sila na nasa kabilang panig ay mahiya, nang walang anomang masamang masabi tungkol sa atin." (Titus 2:7-8 KJV)***

Pagdating sa usapin ng anyo, mayroong salaysay tungkol kay Haring Ahaz, at ito ang mababasa natin sa ***2 Hari 16:1-18***:

***"1 Nang ikalabing pitong taon ni Peka na anak ni Remalias ay nagpasimulang maghari si Achaz na anak ni Jotham na hari sa Juda. 2 May dalawangpung taon si Achaz nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng PANGINOON niyang Dios, na gaya ni David na kaniyang magulang. 3 Kundi siya'y lumakad ng lakad ng mga hari sa Israel, oo, at kaniyang pinaraan ang kaniyang anak sa apoy, ayon sa mga karumaldumal ng mga bansa na pinalayas ng PANGINOON mula sa harap ng mga anak ni Israel. 4 At siya'y naghain, at nagsunog ng kamangyan sa mga mataas na dako, at sa mga burol, at sa ilalim ng bawa't sariwang punong kahoy." (1 Hari 16:1-4 KJV)*** Sinundan ni Achaz ang mga makalupang tao sa kanyang buhay at sa pagpapalaki ng kanyang mga anak. Ginagawa mo rin ba ang pareho, sinusundan ang mga makamundong bagay at pinalalaki ang iyong mga anak sa makamundong paraan? Kailangan mong magsisi sa ganitong bagay upang ang iyong mga anak ay mapangalagaan at hindi masira.

***"5 Nang magkagayo'y si Resin na hari sa Siria at si Peka na anak ni Remalias na hari sa Israel ay umahon sa Jerusalem upang makipagdigma: at kanilang kinulong si Achaz, nguni't hindi nila nadaig. 6 Nang panahong yaon ay binawi ni Resin na hari sa Siria ang Elath sa Siria at pinalayas ang mga Judio sa Elath: at ang mga taga Siria ay nagsiparoon sa Elath, at tumanan doon, hanggang sa araw na ito. 7 Sa gayo'y nagsugo si Achaz ng mga sugo kay Tiglath-pileser na hari sa Asiria, na ipinasabi, Ako ang iyong lingkod at ang iyong anak: ikaw ay umahon, at iligtas mo ako sa kamay ng hari sa Siria at sa kamay ng hari sa Israel, na bumabangon laban sa akin. 8 At kinuha ni Achaz ang pilak at ginto na nasumpungan sa bahay ng Panginoon, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari, at ipinadalang kaloob sa hari sa Asiria. 9 At dininig siya ng hari sa Asiria; at ang hari sa Asiria ay umahon laban sa Damasco, at sinakop, at dinala sa Cir ang bayan na bihag, at pinatay si Resin." (2 Hari 16:5-9 KJV)*** Si Haring Achaz nang hinarap niya ang panganib, sa halip na siya'y magsisi at hanapin ang Panginoon at magtiwala sa Kanya, siya'y lumapit sa hari ng Asiria upang humingi ng tulong at ibinigay niya sa kanya ang lahat ng ibinigay ng Dios upang mabili ang kanilang proteksyon. Ginagawa mo rin ba ang kapareho, umaasa sa mga tao, kapangyarihan at pera upang lutasin ang iyong problema at hindi bumabalik at lumalapit sa Dios? Kung ganoon ka, kailangan mong magsisi sa gayong bagay upang manatili sa iyo ang Dios at ang Kanyang pagpapala.

***"10 At ang haring si Achaz ay naparoon sa Damasco upang salubungin si Tiglath-pileser na hari sa Asiria: at nakita ang dambana na nasa Damasco: at ipinadala ng haring si Achaz kay Urias na saserdote ang ayos ng dambana at ang anyo niyaon, ayon sa buong pagkayari niyaon." (2 Hari 16:10 KJV)*** Ngayon narito ang karagdagang kasamaan ng ginawa ni Achaz; nais niyang tularan ang anyo ng paganong dambana na nakita niya at gusto niyang sundan ito ng pari at gawin din ang pareho. Huwag kang maging hangal at simulan ang paggawa ng ginagawa ng mga hindi nananampalataya upang paglingkuran ang kanilang mga dios.

***"11 At si Urias na saserdote ay nagtayo ng isang dambana: ayon sa buong ipinadala ng haring si Achaz mula sa Damasco, gayon ginawa ni Urias na saserdote, bago dumating ang haring Achaz mula sa Damasco. 12 At nang dumating ang hari mula sa Damasco, ay nakita ng hari ang dambana: at ang hari ay lumapit sa dambana, at naghandog doon. 13 At kaniyang sinunog ang kaniyang handog na susunugin, at ang kaniyang handog na harina, at ibinuhos ang kaniyang inuming handog, at iniwisik ang dugo ng kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan sa ibabaw ng dambana." (2 Hari 16:11-13 KJV)*** Sa katunayan, ang ginawa ng pari ay hindi maganda at hindi siya naging mabuting halimbawa na dapat sundan. Sinunod niya ang nais ng hari at hindi niya pinanatili ang paraan ng Dios na Kanyang inilagay sa Kanyang Salita at mga tagubilin. Ang pari ay maaari na ngayong kumatawan sa pastor ng simbahan at ang hari ay ang mga tao na may kakayahang pumili kung ano ang gusto nilang gawin. Ang pastor ng simbahan at ang mga pinuno ay hindi dapat sumunod sa nais ng mga tao at sang-ayunan ang kanilang mga hilig at kasiyahan. Si Urias na pari ay hindi dapat sumunod sa kahilingan ni Achaz dahil iyon ay laban sa Salita ng Dios at mga tagubilin. Palaging susubukan ng mga tao na alisin sa tamang pamamaraan na ibinigay ng Dios sa Kanyang Salita upang magkasya sa kanilang mga iniisip, hiling at pangarap. At dapat nating hindi pahintulutan ang mga maling bagay na kanilang iminungkahi, at hindi

matakot o masindak sa kanilang mga kahilingan. Sobrang nakakahiya para kay Urias na pari na banggitin tungkol sa kanya ang mga sumusunod, ***"16 Ganito ang ginawa ni Urias na saserdote, ayon sa buong iniutos ng haring Achaz." (2 Hari 16:16 KJV)***

***"14 At ang dambana na tanso na nasa harap ng PANGINOOON ay kaniyang dinala mula sa harapan ng bahay, mula sa pagitan ng kaniyang dambana at ng bahay ng PANGINOON, at inilagay sa dakong hilagaan ng kaniyang dambana. 15 At inutusan ng haring Achaz si Urias na saserdote, na sinasabi, Sa ibabaw ng malaking dambana, ay magsunog ka ng handog na susunugin sa umaga, at ng handog na harina sa hapon, at ng handog na susunugin ng hari at ng kaniyang handog na harina sangpu ng handog na susunugin ng buong bayan ng lupain at ng kanilang handog na harina, at ng kanilang mga handog na inumin; at iwisik mo roon ang buong dugo ng handog na susunugin, at ang buong dugo ng hain: nguni't ang dambanang tanso ay mapapasa akin upang pagusisaan." (2 Hari 16:14-15 KJV)*** Iniwan ni Haring Achaz ang tansong dambaan na nasa harap ng PANGINOON upang itabi sa tabi ng bagong dambana. Tulad ng mababasa natin sa itaas, tinawag ni Achaz ang bagong dambana bilang dakilang dambana at dito niya iaalay halos lahat ng kanyang tinatanggap mula sa kabutihan ng Panginoon. At iyon ang ginagawa ng mga taong hindi tapat sa ngayon, iniaalay nila ang lahat ng mabubuting bagay na natatanggap mula sa Panginoon at inilalaan ito sa kanilang mga kasiyahan at makamundong kagustuhan. Tayo bilang mga mataas na pari ng Panginoon ay hindi dapat pahintulutan ang ganitong uri ng pamumuhay ng mga tao at palampasin ang kanilang mga kasalanan.

Ang tanong ngayon ay ito: Bakit iningatan ni Achaz ang tansong dambana? Ito ang sinabi ni Ahaz sa pari na si Urias, ***"at ang dambanang tanso ay mapapasa akin upang pagusisaan."*** Pinanatili niya ang damabanang tanso upang kung sakaling siya'y maharap sa isang mahirap na sitwasyon at hindi alam ang gagawin, ay pupunta siya sa pari upang magtanong para sa kanya. * May ilang tao na inaabuso ang Dios at ang simbahan at ang mga pinuno ng simbahan upang paglingkuran ang kanilang mga nais at layunin. Hindi nila nais na makialam ang simbahan sa kanilang personal na buhay at desisyon, ngunit gagamitin nila ang simbahan at ang pastor ng simbahan upang tulungan sila kapag sila ay nasa krisis at hindi alam ang gagawin. * Bilang mga pinuno ng simbahan, hindi dapat payagan ang ganitong anyo sa simbahan; hindi dapat ang mga tao ang magdidikta ng kanilang anyo sa simbahan, kundi ang simbahan ang dapat magdikta sa mga tao ng mga tuntunin at utos ng Dios.

Kapag nakipag-kompromiso ka sa mga tao at sumang-ayon sa kanila, gagawin nila ang mas maraming masasamang bagay at lalong baluktutin ang anyo ng ministeryo at lalong maliligaw mula sa Salita ng Dios. Basahin natin ang ginawa pa ni Achaz para sa templo ng Dios nang sundin ni Urias ang pari ang kanyang mga nais: ***"17 At pinutol ng haring Achaz ang mga hangganan ng mga tungtungan, at inalis sa mga yaon ang hugasan, at ibinaba ang dagatdagatan mula sa mga bakang tanso na nasa ilalim niyaon, at ipinatong sa isang pavimentong bato. 18 At ang dakong natatakpan na daan sa sabbath na kanilang itinayo sa bahay, at ang pasukan ng hari na nasa labas, ibinago sa bahay ng Panginoon, dahil sa hari sa Asiria." (2 Hari 16:17-18 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal: "2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba." (2 Timoteo 2:2 KJV)*** Ang inyong natatanggap mula sa amin na mga tagubilin bilang anyo ng magaling na salita mula sa Salita ng Dios ay ilapat ninyo ito sa inyong buhay at sa inyong pamilya at inyong ministeryo, at ipagkatiwala ito sa mga maaasahang lalaki na mapagkakatiwalaan upang panatilihin ang anyo na ipinagkatiwala sa atin ng Dios mula sa Kanyang Salita, sapagkat ang mga ganitong tao ay wastong makakapagturo sa iba.

Manalangin tayo….

***Ang aking panalangin:*** *Ama Dios, lumalapit ako sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagturo sa akin tungkol sa pamantayan na kailangan nating panatilihin sa ating buhay at sa buhay ng iyong simbahan at mga ministeryo. Panginoon, salamat sa lahat ng babala, pagsaway at mga pagtutuwid na natatanggap namin sa mensaheng ito.*

*Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong mga kompromiso, katiwalian, at takot sa tao. Magsisi sa iyong paglihis mula sa Salita ng Dios at sa anyo inilagay ng Dios sa Kanyang Salita. Ipagpatapat ang iyong pagiging makamundong at ang sinusunod mong anyo sa mundong ito sa iyong buhay at sa pagpapalaki ng iyong mga anak. Talikuran ang iyong pagtitiwala at pag-asa sa tao, kapangyarihan, at pera, at sa halip ay manalig sa Dios at sa Kanyang Salita. Ipagpatapat lahat ng iyong pagsamba sa dios-diosan at ang iyong takot sa tao at hindi sa Dios. Ipagtapat ang iyong pagkikisama sa mga hindi mananapalataya at maraming kaibigan. Ipagpatapat ang kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin, at ang paglilibang at pagsasayang ng oras sa Media. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ________________________________.*

*Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salita at sa halimbawa ng matibay na aral na aking natatanggap mula sa iyong Salita upang ilapat sa aking buhay, aking pamilya, at sa ministeryo na ipinagkatiwala mo sa akin. Panginoon, bigyan mo ako ng pagtitiyaga, protektahan mo ako, at maglaan para sa akin upang gawin ang Iyong kalooban. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, ako'y nananalangin para sa lahat ng kapatid na inialay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon, protektahan mo sila at gamitin upang paglingkuran ka at maging mabuting halimbawa sa iba upang sundan ka. Panginoon, pagpalain mo sila, ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at tulungan silang palakihin ang kanilang mga anak sa isang makaDios na paraan, at pagpalain ang kanilang mga pamilya.*

*Panginoon, gabayan mo kami bilang isang simbahan upang maging tagagawa ng iyong Salita at maisakatuparan ang mga gawain na tinawag mo kami upang gawin para sa iyo. Panginoon, tulungan mo kaming manindigang matatag at huwag makipagkompromiso kundi disiplinahin ang mga tao at ipatupad ang iyong Salita sa kanilang buhay at pamilya at sa buhay ng iyong simbahan at mga ministeryo. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ipagkaloob sa amin ang mga espiritwal na kaloob na kailangan namin at bigyan mo kami ng kakayahang mangaral at maabot ang mga bagong tao ng evagelio at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon, gabayan mo kami na magtanim ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang yong kamay at iligtas kami mula sa panganib upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang biyaya ni Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikibahagi ng Banal na Espiritu ay sumainyo tayong lahat, sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com